International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-110

# AUTHENTIC MATERIALS AND WRITING SKILLS OF STUDENTS IN FILIPINO

**Marianjoy G. Momo**
Sultan Kudarat State University
marianmomo27@gmail.com

**Gracelyn Casis-Altaya, EdD**
Sultan Kudarat State University
gracelynaltaya@sksuedu.ph

**Abstract**

This study aimed to present the effectiveness of authentic materials in enhancing the writing skills of students in Filipino. These authentic materials were used as instructional tools to effectively develop and improve students' writing skills. To address the study's objectives, 15 students from two selected sections of the ninth grade at North Dadiangas High School participated in achieving meaningful results. The research design employed was experimental, specifically a pre-test and post-test design, wherein the performance of a control group, taught using traditional methods, was compared with that of an experimental group, taught using selected authentic materials. This comparison aimed to determine the more effective approach in enhancing students' writing skills in Filipino. The study's results confirmed that students who were taught using authentic materials demonstrated greater knowledge and proficiency in writing in Filipino. Their level of learning was significantly higher than that of students taught through conventional methods. Based on these findings, the researcher strongly recommends that teachers who teach writing skills in Filipino incorporate authentic materials in their instruction to make students' learning experiences more meaningful and effective.

Keywords: authentic materials, writing skills, instructional tool, writing proficiency

## Introduction

Sa mabilis na pagbabago ng pandaigdigang edukasyon, nananatiling hamon para sa Pilipinas ang pagpapanatili ng mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, at matematika. Ayon kay Balinbin (2020), nahuhuli ang mga mag-aaral na Pilipino kumpara sa kanilang mga katapat sa Timog-Silangang Asya batay sa datos ng SEA-PLM 2019. Ipinakita ng pag-aaral na maraming mag-aaral sa Pilipinas, partikular ang mga nasa ikalimang baitang, ang may limitadong kasanayan sa pagbasa at pagsusulat, kung saan 45% ang kabilang sa pinakamababang antas. Samantala, tanging isang porsyento lamang ang may mataas na antas ng kahusayan sa pagsulat, na nangangahulugan ng kakulangan sa kasanayan sa pagbuo ng maayos at organisadong teksto.

Ipinapakita rin sa mga naunang pananaliksik nina Saavedra (2011), Pambid (2002), at Aragon (2013) na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagsulat dahil sa kakulangan sa pagsasanay, mahinang organisasyon ng ideya, at limitadong talasalitaan. Bukod dito, natukoy din nina Kamariah et al. (2018) na isa sa mga pangunahing dahilan ng kahinaan sa pagsulat ay ang hirap ng mga mag-aaral sa pagpili ng paksa at pagbuo ng lohikal na istruktura ng kanilang komposisyon. Sa pagtatasa ng mananaliksik, nakita rin ang ganitong suliranin sa mga mag-aaral ng paaralang pinagtuturuan, kung saan mababa ang kanilang marka sa pagbabaybay, paggamit ng bantas, pagbuo ng pangungusap, at organisasyon ng kaisipan.

Bagaman may ilang pananaliksik tungkol sa paggamit ng awtentikong kagamitan sa pagtuturo, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa kasanayang pagbasa (Kusumawardani et al., 2018; Laforteza, Valencia et al., 2018; Rao, 2019;

Sundana, 2017). Sa kabila ng kahalagahan ng pagsulat, may kakulangan sa pag-aaral tungkol sa epektibong estratehiya para sa pagpapabuti nito, lalo na sa konteksto ng wikang Filipino. Dagdag pa rito, ang karamihan sa mga pananaliksik ay isinagawa sa wikang Ingles at sa ibang bansa, kaya hindi ito direktang naiaangkop sa kalagayan ng mga mag-aaral sa Pilipinas.

Dahil dito, isinagawa ng mananaliksik ang isang pag-aaral upang suriin ang epekto ng paggamit ng awtentikong kagamitan sa kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa ika-9 na baitang gamit ang pretest-posttest control group na disenyo. Ang layunin ng pananaliksik na ito ay punan ang kakulangan sa literatura at makatulong sa pagpapaunlad ng mas angkop at epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa bisa ng awtentikong kagamitan, maaaring makabuo ng mas epektibong pamamaraan upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral at maiangat ang kalidad ng edukasyon sa bansa.

**Objective of the Study**

Nilayon ng pananaliksik na ito na malaman ang bisa ng awtentikong kagamitan sa kasanayang pagsulat at antas ng pagkatuto ng mga nasa ika-9 na mag-aaral sa Filipino.

Upang makamit ang pangunahing layunin, sinikap tugunan ng mananaliksik ang sumusunod na katanungan:

1.Ano ang nibel ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong pangkat sa paunang pagsusulit ayon sa:
   1.1. nilalaman;
   1.2. organisasyon;
   1.3 . paggamit ng wika;
   1.4. talasalitaan; at
   1.5. mekaniks?

2.Ano ang nibel ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong pangkat sa pangwakas na pagsusulit ayon sa:
   2.1. nilalaman;
   2.2. organisasyon;
   2.3 . paggamit ng wika;
   2.4. talasalitaan; at
   2.5. mekaniks?

3. Ano ang nibel ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pangwakas na pagsusulit batay sa:
   3.1. Eksperimental
      3.1.1 Patalastas Pantelebisyon;
      3.1.2 Balitang Pantelebisyon;
      3.1.3 Palaisipan (Crossword Puzzle); at
      3.1.4 Cookbook?
   3.2. Kontrolado?
      3.2.1 Nakagawiang pagtuturo

4. May makabuluhan bang kaibahan ang nibel ng paunang pagsusulit ng eksperimental at kontroladong pangkat?
5. May makabuluhan bang kaibahan ang nibel ng pangwakas na pagsusulit ng eksperimental at kontroladong pangkat?
6. Anong awtentikong kagamitan ang higit na may makabuluhang ambag sa kasanayang pagsulat sa Filipino?

**Theoretical Framework**

Nilayon ng pananaliksik na ito na matukoy ang epekto ng paggamit ng awtentikong kagamitang pampagtuturo sa paghahasa sa kasanayang pagsulat sa asignaturang Filipino 9 sa pagkatuto ng mga mag-aaral na nasa baitang 9 sa Mataas na Paaralan ng Hilagang Dadiangas.

Sanligan ng pag-aaral na ito ang Kognitibo at Sosyo-Kognitibong teorya sa pagsulat. Ang teoryang Sosyo-Kognitibong sa pagsulat ay nagsasaad na ang manunulat ay nagsusulat gamit ang kanilang mga natutunan mula sa mga pag-aaral at pagbabasa. Ang produksyon ng impormasyon at kaalaman ay nilikha mismo ng manunulat bunga ng kanilang imahinasyon, karanasan, pananaliksik at pag-oobserba. Sa kabilang banda, ang teoryang Kognitibong naman ni Flower at Hayes (1981) ay proseso kung saan ginagamit ng manunulat ang kaniyang isip upang makapagplano at makapagtakda ng kaniyang isusulat. Dito matamang pinag-iisipan ang lalamanin ng kaniyang sulatin na isinasaalang-alang ang kaniyang mambabasa o audience (Leggette et al., 2015).

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-110

## Research Methods

Ang isinagawang pananaliksik ay gumamit ng *experimental research design*, partikular ang pauna at pangwakas na pagsusulit, upang matukoy ang bisa ng awtentikong kagamitan sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa ika-9 na baitang sa Filipino. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Mataas na Paaralan ng Hilagang Dadiangas sa Lungsod ng Heneral Santos, kung saan dalawang pangkat ang kasangkot: isang eksperimental na pangkat na binubuo ng 44 mag-aaral at isang kontroladong pangkat na may 42 mag-aaral. Ginamit ng eksperimental na pangkat ang mga awtentikong kagamitan sa pagsulat, samantalang sumailalim sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo ang kontroladong pangkat. Isinagawa ang random na pagpili ng mga kalahok gamit ang *lottery method* at *simple random sampling*, kung saan 15 mag-aaral mula sa bawat pangkat ang pinili bilang mga pangunahing respondente.

Upang masukat ang kasanayan sa pagsulat, ginamit ng pananaliksik ang *product approach* na nagbibigay-tuon sa pinal na anyo ng isinulat na akda. Ang pagsusulit na ginamit ay isang sanaysay na sinusuri gamit ang analitikong rubrik nina Jacobs et al. (1981), na binubuo ng limang bahagi: nilalaman (30 puntos), paggamit ng wika (25 puntos), organisasyon (20 puntos), talasalitaan (20 puntos), at mekaniks (5 puntos), na may kabuuang 100 puntos. Ang rubrik na ito ay binigyang-bisa ng tatlong guro sa Filipino upang tiyakin ang pagiging wasto at epektibo nito sa pagtatasa ng sanaysay ng mga mag-aaral. Ang mga awtentikong kagamitang ginamit sa pagtuturo ay sumailalim sa *validation* ng mga eksperto, na nagbigay ng mataas na marka sa kanilang bisa at kahalagahan sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat.

Sa pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik mula sa mga kinauukulan bago isinagawa ang paunang pagsusulit sa 96 na mag-aaral. Matapos ang pagsusuri at pagtatala ng kanilang marka, sinimulan ang pagtuturo gamit ang awtentikong kagamitan para sa eksperimental na pangkat at ang nakagawiang estratehiya para sa kontroladong pangkat. Pagkalipas ng itinalagang panahon ng pagtuturo, isinagawa ang pangwakas na pagsusulit at muling sinuri ang isinulat na sanaysay ng mga mag-aaral. Ang nakalap na datos ay inanalisa gamit ang *mean* at *standard deviation* upang masukat ang antas ng kasanayan sa pagsulat bago at pagkatapos ng interbensyon. Samantala, ang *t-test for independent samples* ay ginamit upang alamin kung may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagsulat ng dalawang pangkat, at *ANOVA* naman ang ginamit upang matukoy kung alin sa mga awtentikong kagamitan ang may pinakamalaking epekto sa pagpapahusay ng pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino.

## Results and Discussion

### Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Eksperimental at Kontroladong Pangkat sa Paunang Pagsusulit ayon sa Nilalaman, Organisasyon, Talasalitaan, Paggamit ng Wika at Mekaniks

**Talahanayan 5.** Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Eksperimental at Kontroladong Pangkat sa Paunang Pagsusulit ayon sa Nilalaman, Organisasyon, Talasalitaan, Paggamit ng Wika at Mekaniks

| PAUNANG PAGSUSULIT | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Indikeytor** | **Pangkat** | **Mean** | **SD** | **Deskripsyon** |
| 1.1 Nilalaman (30) | Eksperimental | 21.98 | 1.25 | Mahina |
| | Kontrolado | 21.73 | 1.58 | Mahina |
| | Eksperimental | 16.62 | 0.85 | Mahusay |
| 1.2 Organisasyon(20) | Kontrolado | 17.20 | 0.80 | Mahusay |
| | Eksperimental | 15.33 | 1.05 | Mahusay |
| 1.3 Talasalitaan(20) | Kontrolado | 14.60 | 1.18 | Mahusay |
| | Eksperimental | 18.96 | 1.01 | Mahusay |
| 1.4 Paggamit ng Wika (25) | Kontrolado | 18.38 | 0.83 | Mahusay |
| | Eksperimental | 3.78 | 0.47 | Mahusay |
| 1.5 Mekaniks (5) | Kontrolado | 3.71 | 0.49 | Mahusay |

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong pangkat sa paunang pagsusulit ayon sa nilalaman, organisasyon, talasalitaan, paggamit ng wika at mekaniks. Sa pagsusuri ng paunang pagsusulit ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong pangkat, makikita na ang pinakamataas na mean percentage score ay sa organisasyon, bahagyang mas mataas ang mean score ng kontroladong pangkat (M=17.20, SD=0.80) kaysa sa eksperimental na pangkat (M=16.62, SD=0.85), ngunit parehong may

 ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-110

deskripsyong Mahusay. Pinakamababa namang mean percentage score ang nilalaman, ang eksperimental na pangkat (M=21.98, SD=1.25) at ang kontroladong pangkat (M=21.73, SD=1.58), ay may parehong may deskripsyong Mahina.

Ipinapakita ng datos na ang dalawang pangkat ay may halos magkatulad na antas ng kasanayan sa pagsulat sa paunang pagsusulit. Mapapansin na ang pinakamababang resulta ay sa nilalaman, na may deskripsyong Mahina sa parehong pangkat, na nangangahulugang kinakailangan pa nilang mapabuti ang kakayahang bumuo ng malinaw at mayamang nilalaman sa kanilang pagsusulat. Bagamat may kaunting pagkakaiba sa mean scores ng ibang mga kasanayan tulad ng organisasyon, talasalitaan, paggamit ng wika, at mekaniks, nananatili ang deskripsyon ng mga ito bilang Mahusay sa parehong pangkat. Ang bahagyang mas mataas na mean scores ng eksperimental na pangkat sa talasalitaan, paggamit ng wika, at mekaniks ay maaaring nagpapahiwatig ng kaunting kalamangan sa mga aspektong ito, subalit hindi ito masasabing makabuluhan dahil sa maliit na agwat sa pagitan ng dalawang pangkat.

Batay sa interpretasyon ng datos, lumalabas na ang paunang antas ng kasanayan sa pagsulat ng parehong pangkat ay nasa parehong lebel, na may kalakasan sa organisasyon, talasalitaan, paggamit ng wika, at mekaniks ngunit may kahinaan sa nilalaman. Ang nilalaman ng isang sulatin ay kumakatawan sa mga ideyang ipinahahayag ng may-akda sa bawat talata. Malaki ang impluwensya ng kalidad ng nilalaman sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat (Ansar et al., 2022 binanggit ni Hasanah et al., 2023). Dahil dito, mahalagang matutunan ng mga mag-aaral ang mabisang pagbuo ng nilalaman. Gayunpaman, maraming mag-aaral ang nahihirapang simulan ang proseso ng pagsulat dahil sa kakulangan ng mga ideya, na nagiging hadlang sa matagumpay na pagtatapos ng kanilang mga gawain sa pagsulat (Hasanah et al., 2023). Ang pangkat ng mga mag-aaral na ito ay karapat dapat maging respondente ng pag-aaral. Ang pagkakatulad ng resulta sa dalawang pangkat ay nagpapakita na bago ang interbensyon, ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay pareho, kaya't magiging makabuluhan ang pagsusuri sa magiging epekto ng paggamit ng awtentikong kagamitan sa kanilang pagsulat sa mga susunod na bahagi ng pananaliksik.

**Talahanayan 6.** Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Eksperimental at Kontroladong Pangkat sa Pangwakas na Pagsusulit ayon sa Nilalaman, Organisasyon, Talasalitaan, Paggamit ng Wika at Mekaniks

| PANGWAKAS NA PAGSUSULIT | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Indikeytor** | **Pangkat** | **Mean** | **SD** | **Deskripsyon** |
| 1.1 Nilalaman (30) | Eksperimental | 24.27 | 1.35 | Mahusay |
| | Kontrolado | 22.91 | 1.26 | Mahusay |
| 1.2 Organisasyon(20) | Eksperimental | 17.96 | 0.8 | Napakahusay |
| | Kontrolado | 17.89 | 0.72 | Napakahusay |
| 1.3 Talasalitaan(20) | Eksperimental | 16.53 | 1.01 | Mahusay |
| | Kontrolado | 16.09 | 0.97 | Mahusay |
| 1.4 Paggamit ng Wika (25) | Eksperimental | 20 | 0.87 | Mahusay |
| | Kontrolado | 19.4 | 0.79 | Mahusay |
| 1.5 Mekaniks (5) | Eksperimental | 4.73 | 0.42 | Napakahusay |
| | Kontrolado | 4.71 | 0.4 | Napakahusay |

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong pangkat sa pangwakas na pagsusulit ayon sa nilalaman, organisasyon, talasalitaan, paggamit ng wika at mekaniks. Matapos isagawa ang pangwakas na pagsusulit, natukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong pangkat batay sa iba't ibang aspekto ng pagsusulat. Ang mekaniks ay may pinakamataas na mean percentage score, may bahagyang lamang ang eksperimental na pangkat (M=4.73, SD=0.42) kumpara sa kontroladong pangkat (M=4.71, SD=0.4), na parehong may deskripsyong Napakahusay. Pinakamababang mean percentage score naman ang nilalaman, mas mataas ang antas ng eksperimental na pangkat (M=24.27, SD=1.35) kumpara sa kontroladong pangkat (M=22.91, SD=1.26), na kapwa nasa deskripsyong Mahusay.

Mula sa mga datos, makikita na ang eksperimental na grupo ay nakapagtamo ng mas mataas na puntos sa lahat ng aspekto ng pagsulat kumpara sa kontroladong pangkat, bagamat ang pagkakaiba sa ilan sa mga ito ay hindi gaanong kalakihan. Pinakamalaking agwat ang makikita sa aspekto ng nilalaman, kung saan ang eksperimental na pangkat ay may malaking lamang na 1.36 puntos kumpara sa kontroladong pangkat. Ang bahagyang pagtaas sa organisasyon at mekaniks ay nagpapakita na ang dalawang pangkat ay halos magkatulad sa mga aspektong ito. Samantala, ang paggamit ng wika at talasalitaan ay may bahagyang lamang ang eksperimental na pangkat, na maaaring nagpapahiwatig ng epekto ng awtentikong kagamitan sa pagpapalawak ng bokabularyo at mas mahusay na paggamit

ng wika sa pagsulat. Batay sa resulta ng pagsusulit, makikita na parehong pangkat ang nagkaroon ng pag-unlad sa lahat ng aspekto ng pagsusulat, ngunit mas mataas ang pagtaas ng mean scores sa pangkat eksperimental kumpara sa pangkat kontrolado. Ang pinaka-kapansin-pansing pag-unlad ay sa mekaniks, kung saan ang pangkat eksperimental ay mula sa Mahusay patungong Napakahusay, na nagpapakita ng epektibong interbensyon. Bukod dito, ang pangkat eksperimental ay umabot sa antas ng Napakahusay sa Mekaniks, samantalang ang pangkat kontrolado ay nagpakita rin ng pag-unlad ngunit may bahagyang mas mababang mean scores. Sa kabuoan, lumalabas na ang paggamit ng awtentikong kagamitan ay nagdulot ng positibong epekto sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat, na higit na kapansin-pansin sa nilalaman, mekaniks, at organisasyon.

Ayon kay Belet at Güner (2018) ang paggamit ng mga awtentikong kagamitan ay nakapagpapabuti ng motibasyon sa pagsulat. Dahil ang mga awtentikong gawain at kagamitan ay nagbigay ng pagkakataon para sa paggamit ng wika sa paaralan at sa likas na konteksto, napabuti nito ang motibasyon ng mga mag-aaral at antas ng kanilang pagkatuto Higit pa rito, ang paggamit ng awtentikong gawain at materyales ay nagbigay-daan sa mga mag-aaral na makatagpo ng wika sa natural na gamit nito, na nangangahulugang ang wikang ginagamit sa paaralan at sa silid-aralan ay mas kaugnay sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Ito ay nagpapatibay rin sa natuklasang ito, kung saan binigyang-diin na ang aktwal na paggamit ng wika sa konteksto ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng mas mahusay na kakayahang magpahayag ng ideya. Ang bahagyang pagtaas sa iba pang aspekto tulad ng organisasyon, talasalitaan, at mekaniks ay maaaring nangangahulugan na bagamat may epekto ang awtentikong kagamitan, may iba pang salik na maaaring nakaimpluwensiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral tulad ng kanilang dating kaalaman at gawi sa pagsulat.

**Talahanayan 7.** Nibel ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Eksperimental at Kontrolado na Pangkat sa Pangwakas na Pagsusulit

| Awtentikong Kagamitan | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 2.1.1 Patalastas Pantelebisyon | 83.49 | 4.56 | Approaching Proficiency |
| 2.1.2 Balitang Pantelebisyon | 81.84 | 4.17 | Approaching Proficiency |
| 2.1.3 Palaisipan Crossword | 77.56 | 2.48 | Approaching Proficiency |
| 2.1.4 Cookbook | 80.24 | 4.61 | Approaching Proficiency |

| Nakagawiang Pamamaraan | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 2.2.1 Sanaysay 1 | 80.47 | 2.99 | Approaching Proficiency |
| 2.2.2 Sanaysay 2 | 79.6 | 3.12 | Approaching Proficiency |
| 2.2.3 Sanaysay 3 | 77.18 | 2.98 | Developing |
| 2.2.4 Sanaysay 4 | 79.87 | 3.06 | Approaching Proficiency |

Inilalahad sa Talahanayan 7 ang nibel ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontrolado na pangkat sa pangwakas na pagsusulit. Batay sa pagsusuri ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat, pinakamataas ang antas na naitala sa pagsulat gamit ang patalastas pantelebisyon bilang kagamitan sa pagtuturo (M=83.49, SD=4.56) na may deskripsyong Approaching Proficiency. Sinundan ito ng balitang pantelebisyon (M=81.84, SD=4.17) na nasa parehong deskripsyon. Ang Cookbook (M=80.24, SD=4.61) ay nagtala ng rin Approaching Proficiency. Ang pinakamababang mean ay nasa palaisipan (Crossword Puzzle) (M=77.56, SD=2.48) na may deskripsyong Developing. Para naman sa kontroladong pangkat, nanguna ang marka ng Sanaysay 1 (M=80.47, SD=2.99), na sinundan ng Sanaysay 4 (M=79.87, SD=3.06) at Sanaysay 2 (M=79.6, SD=3.12) na kapwa nasa deskripsyong Approaching Proficiency. Ang pinakamababang mean ay nasa Sanaysay 3 (M=77.18, SD=2.98), na nasa Developing.

Ang mga datos ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa eksperimental na grupo ay nagpakita ng mas mataas na kasanayan sa pagsulat sa tulong ng mga kagamitan tulad patalastas pantelebisyon at balitang pantelebisyon, na parehong nasa antas ng Approaching Proficiency. Ang ganitong resulta ay nagpapakita ng epekto ng awtentikong kagamitan na tumutugon sa mga interes at realidad ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, ang mababang antas ng kasanayan sa palaisipan (Crossword Puzzle) ay maaaring sanhi ng limitadong karanasan sa ganitong uri ng kagamitan. Sa kontroladong grupo, bagamat nasa Approaching Proficiency ang karamihan ng pagsusulit, mas mababa ang resulta ng Sanaysay 3, na maaaring dulot ng kakulangan ng motibasyon o mas mababang kahandaan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Ang resulta ng pananaliksik ay nagpapakita na mas mataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat kung ang mga kagamitan sa pagtuturo ay awtentiko at naaayon sa kanilang interes. Ang paggamit ng patalastas pantelebisyon at balitang pantelebisyon bilang kagamitan ay nagbigay ng mas makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Ang resultang ito ay sinusuportahan ni Young, (1980) na binanggit ni McCoy (n.d.) na nagsasabing ang paggamit ng awtentikong kagamitan ay nagbubunsod ng mas aktibong partisipasyon at mas mataas na nibel ng kasanayan sa wika. Samakatuwid, mahalaga para sa mga guro na isaalang-alang ang mga makabagong estratehiya at angkop na kagamitan upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat.

**Talahanayan 8.** Makabuluhang Pagkakaiba ng Nibel ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Eksperimental at Kontroladong Pangkat Ayon sa Paunang Pasulat na Pagsusulit

| Indikeytor | Pangkat | Mean | SD | Mean Difference | SD | t | difference | p | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 3. Paunang Pagsusulit | Eksperimental | 76.67 | 4.42 | 1.04 | 2.7 | 1.497 | 14 | 0.157 | Hindi Makabuluhan |
| | Kontrolado | 75.62 | 4.42 | | | | | | |

α = 0.05 level of significance

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang mahalagang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral mula sa eksperimental at kontroladong pangkat batay sa kanilang paunang pasulat na pagsusulit. Sa paunang pasulat na pagsusulit, natuklasan na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat ay nasa kategoryang Developing (M=76.67, SD=4.42), na bahagyang mas mataas kumpara sa kontroladong pangkat na mayroon ding deskripsyong Developing (M=75.62, SD=4.42). Bagama't may kaunting pagkakaiba sa mean, parehong nakapaloob ang dalawang pangkat sa iisang antas ng deskripsyon. Ang mga datos na ito ay nagpapakita na bagama't bahagyang mas mataas ang nibel ng kasanayan sa pagsulat ang eksperimental na pangkat, ang mean difference na (1.04) ay hindi nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba (P= 0.157) na mas mataas sa karaniwang antas ng kahalagahan (α = 0.05). kaya't walang makabuluhang pagkakaiba ang nibel ng kasanayan sa pagsulat ng dalawang pangkat sa paunang pasulat na pagsusulit. Ipinapakita nito na halos magkatulad ang antas ng kasanayan ng dalawang pangkat sa simula ng pananaliksik.

Batay sa mga datos at interpretasyon, maaaring sabihing ang mga respondente sa pananaliksik na ito ay karapat-dapat na masangkot sa mas masusing pag-aaral ukol sa paggamit ng awtentikong kagamitan. Ang kanilang kasalukuyang antas ng kasanayan ay nagpapakita ng potensyal para sa pag-unlad, lalo na kung bibigyan sila ng mas mahabang panahon at mas malalim na pagsasanay gamit ang mga awtentikong kagamitan. Ayon kina Setyowati at Sukmawan (2019) ang awtentikong materyales ay higit na epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan sa wika kung ito ay naaayon sa konteksto ng mga mag-aaral at ginagamit sa tuluy-tuloy na paraan. Ang mga natuklasan ay sumusuporta rin sa pananaw na ang angkop na suporta at masinsinang paggamit ng mga makabagong kagamitan ay maaaring magdala ng mas makabuluhang epekto sa hinaharap.

**Talahanayan 9.** Makabuluhang Pagkakaiba ng Nibel ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Eksperimental at Kontroladong Pangkat Ayon sa Pangwakas na Pasulat na Pagsusulit

| Indikeytor | Pangkat | Mean | SD | Mean Difference | SD | t | difference | p | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 4. Pangwakas na Pagsusulit | Eksperimental | 83.49 | 4.27 | 3.49 | 3.32 | 4.08 | 14 | 0.001 | Makabuluhan |
| | Kontrolado | 80 | 3.96 | | | | | | |

α = 0.05 level of significance

Inilalahad ng Talahanayan 9 ang makabuluhang pagkakaiba ng nibel ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong pangkat ayon sa pangwakas na pasulat na pagsusulit. Batay sa nakalap na datos mula sa pangwakas na pasulat na pagsusulit, ang nibel ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay mas mataas sa eksperimental na pangkat kumpara sa kontroladong pangkat. Ang eksperimental na pangkat (M=83.49, SD=4.27), ay nasa antas ng Proficient samantalang ang kontroladong pangkat (M=80, SD=3.96) ay nasa antas ng Approaching Proficiency. Ang mean difference sa pagitan ng dalawang pangkat (MD=3.49, SD=3.32), ay nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba (P= 0.001) na mas mababa sa karaniwang antas ng kahalagahan (α = 0.05). Inilalahad lang

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-110

nito na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang nibel ng kasanayan sa pagsulat ng dalawang pangkat sa pangwakas na pasulat na pagsusulit.

Ang resulta ay nagpapakita na ang paggamit ng awtentikong kagamitan sa pagtuturo ng pagsulat ay may positibong epekto sa nibel ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ang eksperimental na pangkat, na ginamitan ng awtentikong kagamitan, ay nagpakita ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat kumpara sa kontroladong pangkat na gumamit ng tradisyunal na pamamaraan. Ang makabuluhang pagkakaibang ito ay maaaring iugnay sa mas mataas na antas ng pakikisangkot at motibasyon na dulot ng mga makabuluhan at kontekstwal na karanasan sa paggamit ng awtentikong kagamitan. Batay sa pagsusuri ng datos, ang paggamit ng awtentikong kagamitan sa pagtuturo ng kasanayan sa pagsulat ay napatunayang epektibo sa pagpapataas ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ang eksperimental na pangkat ay mas mataas ang nibel ng kasanayan kumpara sa kontroladong pangkat, at ang pagkakaibang ito ay makabuluhan.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumusuporta sa mga naunang pananaliksik, tulad ng sa pag-aaral ni Sundana (2017), na nagsasaad na ang paggamit ng awtentikong kagamitan sa pagtuturo ng deskriptibong pagsulat ay may makabuluhang ugnayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagsulat. Pinapatibay nito ang kahalagahan ng awtentikong kagamitan bilang mahalagang bahagi ng pagtuturo ng kasanayan sa wika.

**Talahanayan 10.** ANOVA. Awtentikong Kagamitan na may Makabuluhang Ambag sa Kasanayang Pagsulat sa Filipino
**ANOVA**

| Awtentikong Kagamitan | df | SS | MS | F | Sig. | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | 3 | 287.324 | 95.775 | 5.840 | .002 | Makabuluhan |
| Within Groups | 56 | 918.415 | 16.400 | | | |
| Total | 59 | 1205.739 | | | | |

*α = 0.05 level of significance*

Ipinapakita ng Talahanayan 10 na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng awtentikong kagamitan sa pagitan ng mga grupo. Ang Sum of Squares para sa Between Groups (SS=287.324) ay nagpapakita ng kabuoang pagkakaiba sa pagitan ng mga grupo, samantalang ang Within Groups (SS=918.415) ay naglalarawan ng pagkakaiba-iba sa loob ng bawat grupo. Ang kabuoang pagkakaiba-iba ay 1205.739. Ang degrees of freedom para sa Between Groups ay 3, at 56 naman para sa Within Groups, na nagbigay ng kabuuang df na 59. Ang Mean Square ng Between Groups ay 95.775, habang ang Mean Square ng Within Groups ay 16.400. Ang p-value (P= 0.002) ay mas mababa sa antas ng significance na 0.05. Kaya't ito ay maituturing na may makabuluhang pagkakaiba.Nagpapakita ito na sa mga awtentikong kagamitan ay may higit na mas malaking ambag. Dahil dito, hindi tinatanggap ang ipotesis sapagkat may nakalalamang.

Gayunpaman, upang matukoy kung aling mga grupo ang may makabuluhang pagkakaiba, kinakailangan ng karagdagang pagsusuri tulad ng post-hoc tests (halimbawa, Tukey HSD). Ang resulta ay mahalaga sa pagbibigay-linaw sa kung paano naiiba ang mga grupo at maaaring magamit bilang batayan sa pagpaplano o paggawa ng desisyon para sa pagpapabuti ng awtentikong kagamitan o iba pang nauugnay na aspekto.

Nakatutulong ang mga kagamitang pampagtuturo sa pagpapadali ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Binanggit din na ang mga mag-aaral ang magbibigay ng mga ideya at gawain na magpapasigla sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Mahalaga na magtulungan ang guro at mag-aaral sa aspetong ito. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay kailangang angkop at itinukoy batay sa mga pangangailangan ng mag-aaral (Allwright at O'Nell, 1990, inilahad sa akda ni Badayos, 1999 at binanggit ni Cabigao 2021).

**Talahanayan 11.** Post-Hoc Test. Awtentikong Kagamitan na may Makabuluhang Ambag sa Kasanayang Pagsulat sa Filipino
**Multiple Comparisons**

**Dependent Variable: Awtentikong Kagamitan**
Tukey HSD

| Awtentikong Kagamitan | Awtentikong Kagamitan | Mean Difference (I-J) | Sig. | Interpretasiyon |
|---|---|---|---|---|
| Patalastas | Balitang Pantelebisyon | 1.644 | .684 | Hindi Makabuluhan |
| | Palaisipan | 5.933* | .001 | Makabuluhan |
| | Cookbook | 3.244 | .137 | Hindi Makabuluhan |
| Balitang Pantelebisyon | Patalastas | -1.64 | .684 | Hindi Makabuluhan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Palaisipan | 4.288 | .027 | Makabuluhan |
| | Cookbook | 1.600 | .702 | Hindi Makabuluhan |
| Palaisipan | Patalastas | -5.933 | .001 | Makabuluhan |
| | Balitang Pantelebisyon | -4.288 | .027 | Makabuluhan |
| | Cookbook | -2.688 | .276 | Hindi Makabuluhan |
| Cookbook | Patalastas | -3.244 | .137 | Hindi Makabuluhan |
| | Balitang Pantelebisyon | -1.600 | .702 | Hindi Makabuluhan |
| | Palaisipan | 2.688 | .276 | Hindi Makabuluhan |

**. The mean difference is significant at the 0.05 level.*

Ipinapakita ng Talahanayan 11 ang awtentikong kagamitan na may makabuluhang ambag sa kasanayang pagsulat sa Filipino. Ayon sa resulta ng Post Hoc Test gamit ang Tukey HSD para sa di-malayang baryabol na awtentikong kagamitan, ipinapakita ang mga makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng iba't ibang grupo. Ang mga grupo ay kinabibilangan ng Patalastas, Balitang Pantelebisyon, Palaisipan, at Cookbook.

Napansin na ang Palaisipan ay may makabuluhang pagkakaiba sa Patalastas (MD = -5.9333, P= 0.001) at sa Balitang Pantelebisyon (MD= -4.2889, P= 0.027). Ang mga ito ay nangangahulugan na ang antas ng awtentikong kagamitan sa grupong Palaisipan ay mas mababa kumpara sa Patalastas at Balitang Pantelebisyon. Samantala, ang pagkakaiba sa pagitan ng ibang mga grupo tulad ng Patalastas at Balitang Pantelebisyon (MD = 1.6444, P= 0.684), pati na rin ang Cookbook at iba pang grupo, ay hindi nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba (P> 0.05).

Ang mga makabuluhang pagkakaibang ito ay nagbigay ng ideya na may partikular na aspekto ng awtentikong kagamitan na higit na naaapektuhan. Ang Patalastas at Balitang Pantelebisyon ay may makabuluhang pagkakaiba kung ikukompara sa Palaisipan, kung gayon ang mga uri ng awtentikong kagamitan na ito ay magkaiba ang ambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 12.** Homogeneous Subsets. Awtentikong Kagamitan na may Makabuluhang Ambag sa Kasanayang Pagsulat sa Filipino

**Awtentikong Kagamitan**

Tukey HSD[a]

| | | Subset for alpha = 0.05 | |
|---|---|---|---|
| Group | N | 1 | 2 |
| Palaisipan | 15 | 77.5556 | |
| Cookbook | 15 | 80.2444 | 80.2444 |
| Balitang Pantelebisyon | 15 | | 81.8444 |
| Patalastas | 15 | | 83.4889 |
| Sig. | | .276 | .137 |

*Means for groups in homogeneous subsets are displayed.*

*a. Uses Harmonic Mean Sample Size = 15.000.*

Ipinapakita ng Talahanayan 12 ang resulta ng *Homogeneous Subsets* gamit ang Tukey HSD, ang mga grupo ng awtentikong kagamitan ay nahati sa dalawang *subset* na nagpapakita ng pagkakatulad sa kanilang *mean scores* sa antas ng *significance* na 0.05.

Ang Palaisipan ay nasa unang *subset* (M=77.5556), na mas mababa kumpara sa ibang mga grupo. Ang Cookbook, (M=80.2444) ay kabilang sa parehong unang *subset* at ikalawang *subset*, na sa estadistikang pagpapakahulugan ay katulad sa parehong *subset*. Samantala, ang Balitang Pantelebisyon (M = 81.8444) at Patalastas (M = 83.4889) ay kabilang lamang sa ikalawang *subset*, na nagpapahiwatig na ang kanilang mga *mean scores* ay mas mataas at halos magkapareho. Ang makabuluhang halaga na 0.276 para sa unang *subset* at 0.137 para sa ikalawang *subset* ay nagpapahiwatig na walang mahalagang kaibahan sa mga grupo sa loob ng parehong subset. Gayunpaman, ang pagkakaiba sa pagitan ng unang *subset* (Palaisipan) at ikalawang *subset* (Patalastas at Balitang Pantelebisyon) ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa *mean scores.* Ayon sa deskriptibong estadistika, ang patalastas pantelebisyon ang may pinakamataas na *mean score* (M=83.49), na nagpapakita ng pinakamalaking kontribusyon nito sa kasanayang pagsulat. Pumangalawa ang balitang pantelebisyon (M=81.84), kasunod ang cookbook (M=80.24). Ang Palaisipan ang may pinakamababa (M=77.56), na nagpapakita ng limitadong epekto nito sa kasanayang pagsulat.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-110

Batay sa mga resulta, ang patalastas pantelebisyon ay nakitaan ng pinakamataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay mas mahusay sa paggamit ng patalastas bilang isang awtentikong kagamitan, na may pinakamataas na *mean score* at pinakamaliit na pagkakaiba sa kanilang mga resulta. Sa kabilang banda, ang palaisipan ay nagpakita ng mababang antas ng kasanayan, na nangangahulugang hindi ito kasing epektibo tulad ng iba pang kagamitan sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat. Ang mga resulta ay nagpapakita na ang antas ng awtentikong kagamitan ay mas mababa sa Palaisipan kumpara sa Patalastas at Balitang Pantelebisyon, habang ang Cookbook ay nasa gitna at magkatulad sa parehong grupo. Mahalaga ito upang matukoy ang mga salik na nagdudulot ng ganitong pagkakaiba at magbigay ng naaangkop na aksyon upang mapabuti ang awtentikong kagamitan para sa bawat grupo. Ang nasuring mga datos ay nagpapakita na ang patalastas pantelebisyon ang may pinakamakabuluhang ambag sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino. Ang paggamit ng patalastas bilang isang awtentikong kagamitan ay nakapagpukaw ng interes at nakatulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Ang mga resulta ng pananaliksik na ito ay sumusuporta sa mga naunang pag-aaral na nagsasabing ang paggamit ng awtentikong materyal, tulad ng mga patalastas, ay epektibong pamamaraan sa pagpapataas ng kasanayan sa pagsulat (Mahmud, 2019;Stanley & Lawson, 2020). Sa kabuoan, ang patalastas pantelebisyon ang higit na may makabuluhang ambag sa kasanayang pagsulat sa Filipino, lalo na kung ihahambing sa palaisipan, na may pinakamababang epekto. Bagamat walang makabuluhang pagkakaiba ang patalastas kumpara sa balitang pantelebisyon at cookbook, nananatili itong may pinakamataas na *mean score*, na nagpapakita ng mas malaking kontribusyon nito sa paglinang ng kasanayang pagsulat.

## Conclusion and Recommendation

Natuklasan sa pananaliksik na epektibong nakatutulong ang paggamit ng awtentikong kagamitan sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, lalo na sa aspeto ng nilalaman, mekaniks, at organisasyon ng kanilang sulatin. Ang eksperimental na pangkat na gumamit ng patalastas at balitang pantelebisyon ay nagpakita ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagsusulat kumpara sa kontroladong pangkat na sumailalim sa nakagawian na paraan ng pagtuturo. Bago ang interbensyon, walang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagsusulat ng dalawang pangkat, kaya naging makatwiran ang pagsusuri sa epekto ng awtentikong kagamitan. Lumabas sa pagsusuri na ang paggamit ng mga materyal mula sa tunay na konteksto ay nagdulot ng mas mataas na pakikisangkot at motibasyon sa pagsulat ng mga mag-aaral. Dahil dito, inirerekomenda ng pag-aaral ang patuloy at mas malawakang paggamit ng awtentikong kagamitan sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino, kabilang ang pagbibigay ng mas maraming pagsasanay sa mga mag-aaral at pagsasanay para sa mga guro upang matiyak ang epektibong paggamit nito. Iminumungkahi rin ang masusing pagsusuri sa disenyo ng interbensyon upang higit pang mapaunlad ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay nagbibigay ng matibay na batayan para sa pagpapalakas ng kalidad ng pagtuturo sa pagsulat gamit ang makabuluhang at tunay na materyales mula sa pang-araw-araw na buhay.

## References

Balinbin, A. L. (2020, December 03). *Business World*. https:// /editors-picks: https:// /editors-picks/2020/12/03/331914/filipino-students-falling-behind-in-reading-writing-levels-in- southeast-asia/

Belet Boyacı, Ş. D., & Güner, M. (2018). The impact of authentic material use on development of the reading comprehension, writing skills, and motivation in language course. *International Journal of Instruction*, 11(2), 351-368. https://doi.org/10.12973/iji.2018.11224a

Cabigao, J. R. (2021, June). Improving the Basic Writing Skills of Grade 7 Learners in Filipino: An Action Research in Filipino Language. *Shanlax International Journal of Education, 9*(3), 67-71. doi:https://doi.org/10.34293/

Castillo, M. J., Pena, R. P., Carpio, P. D., Bondame, F. R., Camba, A. M., & Sagun, R. D. (2017). *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik.* Malabon City: Jimczyville Publications.

El-Sulukiyyah, A. A. (2019). Authentic Materials in Essay Writing Class: An Alternative Learning Tool. *Proceeding on International Conference ECKLL VII: The Current Issues of Language and Literature in Industry 4.0*, (pp. 49-55). Pasuruan, Indonesia.

Flower, L. &. (1980). The Cognition of Discovery: Defining a Rhetorical Problem. *College Composition and Communication*, 31(1), 21-32.

Hasanah, N., Noviasmy, Y., Amalia, N., & Mazhur, M. (2023). Enhancing content development in EFL students' writing: Leveraging the Four-Square WritingMethod.International Journal of Multicultural and MultireligiousUnderstanding,10(12),188196.https://doi.org/10.18415/ijmm .v10i12.5226

Kamariah, A. (2018). Using video as an authentic material in improving students writing ability. *International Journal of Humanities and Innovation, I*, 184-199. doi:10.33750/ijhi.v1i3.23

Kusumawardani, R., Santosa, R., & Roshsantiningsih, D. (2018). Explore the Use of Authentic Materials to Teach Reading for Junior High School. *International Journal of Multireligious Understanding*, 298.

Laforteza, L. D., Valencia, A. B., Beleno, P. M., & Bejosama-Laforteza, L. S. (2018). *21st Century Teaching & Learning.* Malabon City: Jodeh Publishing.

Leggette, H. R., Rutherford, T., Dunsford, D., & and Costello, L. (2015). A Review and Evaluation of Prominent Theories. *Journal of Applied Communications, Vol. 99*(Iss. 3), 8-10. Retrieved from https://doi.org/10.4148/1051-0834.1056

Mahmud, R. (2019). Effectiveness of Using Advertisement in Improving Writing Skills among the Islamic Senior Higher School's Students. *International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development, 8*(2), 405-417. doi:http://dx.doi.org/10.6007/ijarped/v8-i2/6109

Mill, G. E., & Gay, L. (2015). *Educational Research: Competencies for Analysis and Applications, Global Edition, 11th edition.* Florida: Pearson.

Pablo, J. C., & Lasaten, R. C. (2018). Writing Difficulties and Quality of Academic Essays of Senior High School Students. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 6*(4), 46-47.

Rao, P. S. (2019). The Effective Use of Authentic Materials in the English Language Classrooms. *International Journal of Arts, Science and Humanities*, 1-8.

Saavedraa, A. D. (2020, June 11). *International Journal of Innovation, Creativity and Change.* Retrieved November 24, 2022, from https://papers.ssrn.com/: https://ssrn.com/abstract=3697915

Sarwat, S., Ullah, N., Shehzad Anjum, H. M., & Bhuttah, T. M. (2021). Problems and Factors affecting students English writing skills at. *Elementary Education Online, 20*(5), 3079-3086. doi:10.17051/ilkonline.2021.05.332

Setyowati. (2019). Authentic Materials for Teaching Writing: A Critical Look. *International Journal of Language Education, 3*(2), 68-77.

Setyowati, L., Sukmawan, S., & El-Sulukiyyah, A. A. (2020). Exploring the Use of ESL Composition Profile for College Writing in the Indonesian Context. *International Journal of Language Education, 4*(2), 171-182. doi:https://doi.org/10.26858/ijole.v4i2.13662

Stanley, S. L., & Lawson, C. (2020). The effects of an advertising-based intervention on critical thinking and media literacy in third and fourth graders. Journal of Media Literacy Education, 12(1), 1-12. https://doi.org/10.23860/JMLE-2020-12-1-1

Sundana, G. P. (2017, December). The use of authentic material in teaching writing descriptive text. *english Review: Journal of English Education, 6*(1), 81-88. doi:DOI:10.25134/erjee.v6il.773